

Pagsasanay sa Paggawa ng BDRRM Plan at Pagpapalakas ng BDRRM Committee Gamit ang Quality Assurance System (Filipino)



Save the Children

PANIMULA

Bilang ang Pilipinas ay isa sa mga bansa sa buong daigdig na madalas makaranas ng mga sakuna, natural man o gawa ng tao, napakaraming Pilipino ang maaaring hindi ligtas sa mga ito. Mataas pa rin ang bilang ng mga nawawalan ng mga mahal sa buhay, nasasaktan, pagkasira ng mga istraktura, pasilidad, kagamitan at kapaligiran dulot ng kalamidad. Ang mga tao ay kalimitang walang malapitan dahil ang mga tulong na galing sa labas ay hindi umaabot sa tamang oras o mas malala ay linggo ang binibilang bago makarating sa mga nasalanta. Lahat ng ito ay nangyayari sa kabila ng paghahandang ginawa ng pamahalaan at mga pribadong sektor upang masiguro ang kahandaan ng bawat komunidad.

Dahil dito ang Department of the Interior and Local Government (DILG) bilang ang ahensyang nangunguna sa *disaster preparedness* ay naglunsad ng isang programa na tinawag na Operation Listo. Ito ay isang malawakang pagkilos na naglalayong ipaalam sa bawat Pilipino, lalo't higit sa lokal na pamahalaan, ang kahalagahan ng tamang paghahanda at tamang aksyon sa panahon ng kalamidad.

Isa sa mga naging mahahalagang proyekto sa ilalim ng Operation Listo ay ang pagtitiyak na bawat barangay ay makagagawa ng isang de-kalidad at komprehensibong Barangay Disaster Risk Reduction and Management (BDRRM) Plan at mapalakas ang Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee (BDRRMC) upang mapaghandaan ang anumang uri ng kalamidad na maaaring maranasan ng komunidad. Dahil dito, katuwang ang Local Government Academy (LGA) at Save the Children Philippines (SCP), ang Regional Technical Working Groups na kinatawanan ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno, civil society organizations at learning resource institutes ay bumuo ng Quality Assurance System para sa maayos, de-kalidad at matatag na BDRRMC.

Dahil dito, katuwang ang Local Government Academy (LGA) at Save the Children Philippines (SCP), ang Regional Technical Working Groups na kinatawanan ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno, civil society organizations at learning resource institutes ay bumuo ng **Quality Assurance System** para sa maayos, de-kalidad at matatag na Barangay Disaster Risk Reduction and Management plan at Committee.

MGA LAYUNIN

Matapos ang pagtalakay sa modyul na ito, ang mga kalahok ay inaasahang:

- Maunawaan ang Quality Assurance System, ang kahalagahan nito at kung paano ito nabuo;
- Matutong i-access at gamitin ang Quality Assessment Tool;
- Maunawaan ang tamang pag-gawa ng BDRRM plan gamit ang resulta ng Quality Assessment at BDRRM Plan Template;
- Malalaman kung paano palalaksin ang Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee; at
- Magkaroon ng pagkilala ang mga kalahok sa mga kalakasan at kahinaan ng kanilang BDRRM Plan at paano nila ito mapapagbuti.


I. Panimula ng Quality Assurance System

Ang **Quality Assurance System (QAS)** ay isang sistemang binuo upang masiguro ng komunidad at lokal na pamahalaan na maayos ang kalidad ng kanilang BDRRM plan, matukoy ang mga kakulangan sa plano, proseso ng pagpapalano at mga gawaing DRRM na dapat bigyan ng pansin at solusyon.

Sinisiguro ng QAS na ang BDRRM Committee ay mataaas ang antas ng kaalaman at kamalayan upang maayos na naipapatupad ang mga gawaing nakalagay sa plano. Sinisiguro din ng QAS na may aktibo at makahulugang partisipasyon ang komunidad at ang mga bulnerableng grupo tulad ng mga bata, bata na apektado sa gitna ng digmaan, kabataan, kababaihan, buntis, nagpapasusong nanay, nakatatanda, mga may kapansanan at mga katutubo sa pagpapalano.

Tinitiyak ng QAS ang aktibo at makabuluhang partisipasyon ng komunidad sa pagpapalano, kabilang ang mga bulnerableng sektor, tulad ng mga bata at kabataan, mga bata sa harap ng digmaan, kababaihan, buntis, nagpapasusong ina, matatanda, mga taong may kapansanan, at mga katutubong grupo.

Ang QAS ay binubuo ng dalawang components. Una, ang Quality Assessment Tool (QAT) para sa Barangay Disaster Risk Reduction and Management (BDRRM) Plan at Committee na isang checklist ng mga bagay na kailangang makita sa isang de-kalidad at komprehensibong plano. Ikalawa, ang BDRRM Plan Template na isang gabay sa Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee (BDRRMC) sa pag-gawa ng de-kalidad at komprehensibong plano.



Ang pagpapatupad ng QAS sa lahat ng komunidad sa bansa ay base sa apat na mahahalagang legal na basehan.

Ito ay ang mga sumusunod;

- Republic Act 10121: “The Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010”
 - Ito ay isang batas na nagpapalakas ng pambansang sistema sa Disaster Risk Reduction and Management. Sa pamamagitan ng batas na ito, magpapatupad ng mas komprehensibong National Disaster Risk Reduction and Management Framework at magsisiguro na ang bawat komunidad ay magkakaroon ng DRRM Plan, na may kaakibat na pondo.
- Republic Act 10821: “The Children’s Emergency Relief and Protection Act of 2016”
 - Ito ay isang batas na naglalayong bigyang halaga ang pangangalaga at proteksyon ng mga bata at kabataan sa oras ng emergency sa pamamagitan ng paggawa ng Comprehensive Emergency Program.
- National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) Memorandum Circular No. 147, series of 2017 na inamyendahan ng NDRRMC MC No. 13, series of 2018
 - Ito ay isang memorandum sirkular na nagbibigay gabay sa lahat ng lokal na pamahalaan sa pag-rebyu ng LDRRM Plans.
- National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC) Memorandum Circular No. 1, series of 2018
 - Ito ay isang memorandum sirkular na naglalayong gamitin ang QAS sa pagseguro ng de-kalidad at komprehensibong plano ng BDRRM sa lahat ng LGUs sa buong bansa.

Kasama sa nakapaloob sa Quality Assurance System ay ang ginawang gabay “*Technical Guide Notes*” na nagbibigay kaalaman sa mga gagamit ng BDRRM Plan at Committee template. Ito ay naglalayong tulungan ang mga lokal na pamahalaan na siyang nagbibigay ng teknikal na suporta sa mga taga barangay para makabuo ng maayos, de-kalidad na plano ay mapalakas ang BDRRM Committee. Ang gabay “*technical guide notes*” na ito ay naglalaman ng mga terminolohiya, mungkahing BDRRMC structure, tungkulin at responsabilidad ng Barangay Development Council at Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee, proseso at pagkakasunod-sunod ng pagsasagawa ng Participatory Community Risk Assessment (PCRA), at iba pa.

II. Ang Quality Assessment Tool (QAT)

Ang QAT ang unang component ng QAS na ginagamit upang tukuyin ang kalidad ng isang BDRRM Plan at kalagayan ng BDRRM Committee. Ito ay may siyam (9) na pangunahing elemento at labing dalawang (12) benchmarks na nagtatakda sa mga aspeto na dapat nakapaloob sa isang BDRRM Plan at Committee base sa RA 10121, RA 10821 at iba pang ligal na batayan.

A. Elemento ng Quality Assessment Tool

Base sa QAT, ang BDRRM Plan na may maayos na kalidad at BDRRM Committee na matatag ay nagtataglay ng mga sumusunod na elemento:

Elemento	Paliwanag
1. May organisadong Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee o BDRRMC.	Ang komiteng ito, na binubuo ng mga opisyal ng komunidad at ibang pang lokal na sektor o kinatawan ang siyang mangunguna sa pagpapalano at iba pang gawain na may kinalaman sa DRRM at pangkalusugang usapin.
2. Participatory Community Risk Assessment o pagsusuri ng risiko sa komunidad na batayan ng pagpapalano at pagpapalakas ng committee.	Dito tinitingnan ang mga bantang panganib sa barangay at mga posibleng maapektuhan na populasyon, ari-arian at imprastruktura. Ang pagtukoy sa mga bantang ito ay mahalagang nilalahukan ng iba't ibang bulnerableng sektor ng komunidad.
3. Tamang alokasyon ng pondo sa mga natukoy na programa, proyekto at gawain.	Tulad ng kahit anong programa, ang pagpapatupad ng BDRRM plan at pagpapalakas BDRRM Committee ay nangangailangan ng karampatang pondo upang masiguro na ito ay maayos na maisasagawa. Ito rin ay isa sa mga itinakda ng RA 10121.
4. Nagsasaad ng klarong partisipasyon ng komunidad, civil society organizations at bulnerableng sektor sa mga proseso at gawaing BDRRM.	Ang bawat miyembro ng komunidad ay nangangailangang makilahok mula sa pagpapalano hanggang sa pagpapatupad ng plano upang masiguro na ito ay angkop sa pangangailangan ng lahat ng sektor.
5. Mayroong mga gawain at kagamitan na nakakapagpataas ng kapasidad ng BDRRMC.	Ang BDRRMC ay nangangailangang lumahok sa mga gawaing makapagpapalakas ng kanilang kakayahan at makapagdadagdag ng kaalaman sa DRRM. Kailangang matukoy ng BDRRMC ang mga kinakailangan nilang pagsasanay at kagamitan upang mabigyang pansin sa pagpapalano.
6. Pagkakaroon ng mga gawain na makakapagpataas ng kaalaman at nagbibigay edukasyon sa komunidad.	Marapat ring magbahagi ng kaalaman ang BDRRMC sa miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay pagsasanay na may kinalaman sa DRRM.
7. Mga pamamaraan upang masubaybayan at masuri ang implementasyon ng mga natukoy na programa, proyekto at gawain.	Ang pagsusubaybay o pagmomonitor ng implementasyon ng BDRRM Plan ay isa sa mahalagang gawain ng BDRRMC upang mas mabilis na natutukoy ang kalakasan at kahinaan ng plano at ng committee para nabibigyan agad ng karampatang solusyon.

Elemento	Paliwanag
8. May angkop na lokal na polisiya tulad ng executive order, barangay resolution at mga ordinansa na sumusuporta sa plano at pagpapalakas ng BDRRM Committee upang maging ganap ang implementasyon nito.	Ito ay upang pormal at legal na maipatupad ang mga programa, proyekto at gawain sa loob ng barangay ng naaayon sa lokal na konteksto at sitwasyon.
9. May angkop na Early Warning System at Evacuation Plan para sa komunidad.	Ito ay isa sa pinakamahalagang elemento ng QAT. Sa pamamagitan ng Early Warning System at Evacuation Plan, mas magiging handa ang bawat miyembro ng komunidad sa pagharap sa mga nakaambang peligro o panganib upang makamit ang pambansang layunin na “zero casualty”.

Lahat ng siyam (9) na elemento na nabanggit ay may karampatang benchmark o criteria na nakapaloob sa Quality Assessment Tool.

B. Paraan ng paggamit ng Quality Assessment Tool

Ang paggamit ng QAT ay ginawang mas madali at inilagay sa internet para sa BDRRMC at Review Team na siyang susuri ng kalagayan ng BDRRM Plan at Committee at mag-record ng mga resulta. Ayon sa NDRRMC MC No.147, s. 2017 at No. 13 s. 2018, ang Review Team ay binubuo ng mga sumusunod:

- a. City o Municipal DRRM Officer
- b. City o Municipal Planning Officer
- c. City o Municipal Social Welfare and Development Officer
- d. Office of Civil Defense Representative

Sa pagsuri ng BDRRM plan at committee gamit ang Quality Assessment Tool, kinakailangang ihanda ang mga sumusunod na dokumento na mayroon ang barangay:

- a. Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan
 - Contingency Plan
 - Evacuation Plan at Mapa
 - Multi-hazard, Vulnerability/Risk Maps
 - Minutes ng BDRRMC Meetings
 - Certification of Safety of Evacuation Centers
 - Local Policies on the Creation of BDRRMC, Appropriation of the BDRRM Fund and Adoption of BDRRM Plan, and other policies related to DRRM and CCA
 - Capacity Building Certificates of the BDRRMC members
 - MOA/MOU with private or business sector on preposition ng goods
- b. Barangay Development Plan
- c. Annual Investment Plan
- d. Local Disaster Risk Reduction and Management Fund Investment Plan
- e. Report on the Utilization of Local Disaster Risk Reduction and Management Plan

Ang mga sumusunod ay mga hakbang sa paggamit ng Quality Assessment Tool:

1 Gamit and desktop, laptop, tablet, o smartphone, pumunta sa www.alertandready.ph/qatportal. Ang bawat LGU ay bibigyan ng itinalagang username at password para makapasok sa portal.

2 Matapos mag log-in, makikita ang internal home page. Mula rito i-click ang “Quality Assessment Tool” tab sa itaas na bahagi ng internal home page.


3 Sa “Quality Assessment Tool” tab, i-click ang “ QB Tool” tab at mag-login gamit ang parehong username at password. Pagkatapos makapag-login, lalabas ang QAT at maaari ng umpisahan ang pag-accomplish ng form.

4 Isulat ang pangalan ng lalawigan, lungsod o munisipyo at ang pangalan ng barangay. Ilagay din kung ilang taon ang sakop ng planong ina-assess, petsa kung kailan ginawa ang assessment at mga pangalan at contact information ng review team at miyembro ng BDRRMC na kasama sa assessment.

5 Magpatuloy sa pagsagot ng mga sumusunod na bahagi. i-tsek ang checkbox kung ang criteria na hinahanap ay matatagpuan sa BDRRM Plan o sa mga iba pang dokumento. Kung wala, iwan itong blanko.

6 Isulat ang mga rekomendasyon upang matugunan ang mga kakulangang natukoy sa bahagi ng Recommendations for the Improvement of the Plan.

7 Balikan ang mga benchmarks simula sa umpisa at siguraduhin na walang nakaligtaan. I-click ang Submit para mailagay sa portal ang mga resulta ng pagsusuri. Kinakailangan ng internet connection upang mai-submit ang resulta, kung wala nito, maaring i-Save as draft muna, balikan at i-submit kapag meron ng internet.



Kinakailangang isulat sa bahagi ng “Remarks” ang mga kakulangan ng BDRRM Plan base sa mga criteria na hindi nakita sa mga dokumento.

Awtomatikong nagkakaroon ng iskor o puntos sa ibabang bahagi ng bawat benchmark base sa mga nalagyan ng tsek sa mga criteria. Ang kabuuang iskor at remarks ay makikita sa huling bahagi ng quality assessment tool.

Ang kabuuang iskor ay may kaukulang interpretasyon:


- Kapag ang iskor na nakuha ay 20 pababa (pula), ibig sabihin ay mababa ang kalidad ng plano at mahina ang committee kung kaya ito ay nangangailangan ng mas masusing pag-aayos at pagpapayaman.
- Kapag ang iskor ay 21 hanggang 30 (dilaw), ibig sabihin ay nasa katamtaman ang kalidad ng plano at may kailangan pang idagdag o ayusin.
- Kapag ang iskor naman na nakuha ay 31 hanggang 36 (berde), ibig sabihin ay mataas ang kalidad ng plano at nakuha nito ang sapat na criteria na dapat makita sa BDRRM plan at committee. Kinakailangan na lamang na siguraduhing regular na naa-update ang plano base sa nagbabagong kalagayan at pangangailangan ng komunidad.

D. Resulta ng Quality Assurance System

Gamit ang online portal, maaring makita ang mga sumusunod na mahahalagang impormasyon:

1. Resulta ng mga isinumiteng pagsusuri ng mga BDRRM Plans – iskor, mga kalakasan ng plano, antas ng kaalaman at kalakasan ng committee, at mga kakulangan na kailangang bigyan ng prayoridad kasama ng mga rekomendasyon.
2. Paghahambing ng iskor sa unang pagsusuri at mga susunod pang pagsusuri matapos i-update ang plano at muling suriin gamit ang QAS.
3. Mapa ng lugar na nagpapakita ng iba’t-ibang kulay depende sa kalidad ng plano ng mga barangay.
4. Kabuuang iskor na nakuha sa antas ng munisipyo aat syudad.
5. Kabuuang bilang ng barangay na na-assessed sa antas ng syudad, munisipyo, probinsiya, rehiyon at nasyunal.

Hinihikayat ang mga barangay na isagawa ang pagsusuri ng BDRRM Plan isang beses sa isang taon. Ang unang pagsusuri ay magsisilbing baseline o pamantayan upang makita kung may pagbabago sa kalidad ng plano, antas ng kaalaman at kalakasan ng committee, at ang mga sumusunod ay upang siguruhin na nananatiling naaangkop ang plano at ito ay naipapatupad.



III. Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan and Committee

Ang ikalawang component ng QAS ay ang BDRRM Plan and Committee Template.

Matapos suriin ang kasalukuyang BDRRM Plan at Committee gamit ang QAT, nararapat lamang na ayusin o i-update ito batay sa mga natukoy na kakulangan sa plano at antas ng kakayahan ng Committee. Sa pag-aayos nito, hinihikayat ang BDRRMC na gamitin ang BDRRM Plan at Committee Template. Ito ay isang simple at madaling gamiting gabay sa paggagawa ng maayos, inklusibo at komprehensibong plano sa barangay para maiwasan ang anumang sakunang maaaring idulot ng mga peligro o panganib. Ito ay nasusulat sa wikang Filipino at English na naglalaman ng mga sumusunod na seksyon:

Nilalaman ng BDRRM Plan at Committee	Paliwanag
Pangalan ng Barangay, Syudad o Munisipyo at Probinsiya	Ito ang pangalan ng barangay, syudad o munisipyo at probinsya na ginagawan ng plano.
Bilang ng Taon na Nasasakupan ng Plano	Ito ang <i>year of coverage</i> ng BDRRM Plan at karaniwang ginagawang tatlong taon o term-based ng mga bagong halal na opisyal ng barangay.
Bisyon at Misyong ng Barangay	Mission at Vision ng Barangay sa pangkalahatan. Maaring itong kopyahin mula sa Barangay Development Plan (BDP).
Mithiin at Layunin	Ito ang mga nais maabot ng barangay sa usapin ng disaster risk reduction at management.
I. Mga Pangunahing Impormasyon Tungkol sa Barangay	Kabilang dito ang anyong pisikal ng barangay, bilang ng populasyon batay sa edad at kasarian, bahay o kabahayan, mga pangunahing imprastruktura at serbisyo sa barangay, mga sektoral na grupo sa barangay at iba pang mga rekurso.
II. Istruktura at Tungkulin ng BDRRM Committee	Dito nakasulat ang mga natukoy na miyembro ng BDRRMC base sa kanilang kakayanan. Maaring mag-iba ang bilang ng mga miyembro at mga sub-committee ayon sa pangangailangan, pagiging angkop at kalagayan ng barangay. Nakasaad na din sa template ang ilang pangunahing responsibilidad sa bawat sub-committee subalit mas mainam kung madadagdagan ito ng BDRRMC base sa kanilang aktwal na pangangailangan.

Nilalaman ng BDRRM Plan at Committee

Paliwanag

III. Participatory Community Risk Assessment (PCRA)

Ang sumusunod ay mga bumubuo ng Participatory Community Risk Assessment na bahagi ng BDRRM Plan at Committee batay sa template:

- Pagbalik tanaw sa mga sakuna o disaster na nangyari sa komunidad sa nakalipas ng mga taon
- Pag-alam sa mga peligro o panganib na maaaring maranasan ng komunidad natural man o gawa ng tao. Kasama na rin dito ang pag-alam ng peligro na may kinalaman sa kalusugan katulad ng Pandemic
- Pag-alam sa kasalukuyang bulnerabilidad at kahinaan ng komunidad
- Pag-alam ng mga kasalukuyang kakayahan at kasanayan ng komunidad
- Maagang babala na pang-komunidad na madaling maunawaan ng mga tao (Community-Based Early Warning System). Kasama na rin dito ang maagang babala para sa kalusugang peligro
- Plano sa paglikas at ligtas na daanan ng mga bakwit papunta sa designadong gusali o lugar
- Listahan ng mga bulnerableng grupo
- Listahan ng mga ligtas na gusali o lugar na pagba-bakwitan
- Sistema ng pamamahagi ng relief
- Listahan ng mga kagamitan sa panahon ng emergency
- Listahan ng mga pagsasanay na nakuha ng mga miyembro ng BDRRM Committee.

Nilalaman ng BDRRM Plan at Committee	Paliwanag
	<ul style="list-style-type: none"> • Mapa ng mga peligro o delikadong lugar sa loob ng barangay • Listahan ng mga taong may kapansanan • Listahan ng mga taong may mga karamdaman o sakit na nakakahawa • At iba pang mahahalagang impormasyon na makakatulong sa pagpapalano at pagpapalakas ng BDRRMC <p>Ang PCRA ay isinasagawa sa pamamagitan ng mga workshops na nilalahukan ng mga miyembro ng BDRRMC. Ang mga datos na kinakailangan sa PCRA ay batay sa mga naranasang kalamidad ng barangay at siyentipikong impormasyon mula sa mga ahensiya ng gobyerno tulad ng PAGASA, PHIVOLCS, MGB at o maging sa lokal na pamahalaan.</p>
IV. Listahan ng mga Batas at Polisiya na may Kinalaman sa DRR at CCA	Dito nakasulat lahat na batas at lokal na polisiya na may kinalaman sa disaster risk reduction and management. Sa bahaging ito din ilalagay ng BDRRMC ang mga partikular na polisiya o resolusyon na na-aprubahan sa barangay.
V. Kabuuang Programa sa DRRM	Ito ang kabuuang programa ng barangay sa bawat thematic area - prevention and mitigation, preparedness, response at recovery and rehabilitation. Dito nakabatay ang mga partikular na gawain ng barangay.
VI. Programa, Proyekto at mga Gawain (PPAs) sa DRRM	Dito nakalista ang mga natukoy na gawain, proyekto at programa ng barangay na nakapaloob sa apat na thematic area.

Nilalaman ng BDRRM Plan at Committee	Paliwanag
VII. Pagsubaybay at Pagsusuri (Monitoring and Evaluation)	<p>Ang bahaging ito ay nagsisiguro na maipapatupad ang mga natukoy na programa, proyekto at mga gawain sa BDRRM Plan Template. Dito inaalam kung ano ang mga inaasahang resulta base sa gagawing gawain, programa o proyekto kung paano ito susubaybayan, sino ang magsusubaybay, gaano kadalas at mga dokumento na basehan ng pagsusubaybay.</p>
VIII. Mga Annexes	<p>Kalakip ng BDRRM Plan ay ang mga sumusunod na dokumento:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Barangay Resolution Adopting the BDRRM Plan • Barangay Ordinance on the Utilization of BDRRM Fund • Executive Order on the Creation and Composition of BDRRMC • Directory of BDRRMC Members at Partners • Memorandum of Agreement/Understanding with Partners • Protocols (Communication, Relief Distribution, Response etc.) • Maps • Photos

Mga mahahalagang puntos na kailangan isaalang-alang:

- Sa paggawa o pag-aayos ng plano gamit ang BDRRM Plan Template, kinakailangan isaalang-alang ang makahulugang partisipasyon ng mga miyembro ng BDRRMC kabilang ang mga bulnerableng grupo sa komunidad. Susi ang organisadong BDRRMC sa maayos na pagpapalano ng BDRRM Plan.
- I-workshop ang mga bahagi ng plano na kailangan ayusin o dagdagan ng angkop na impormasyon base sa resulta ng pagsusuri gamit ang QAT.
- Sumunod sa planning calendar na itinakda ng Department of Budget and Management. Kinakailangang masuri ang BDRRM Plan ng second quarter (April hanggang June) upang may sapat pang panahon upang ayusin ito bago isumite ng Oktubre.